REPUBLIKA NG PILIPINAS

# PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA

KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BILANG 89-77

KAPASIYAHAN NA NAGLALAAN NG HALAGANG TATLONG LIBONG PISO (₱3,000) NA MANGGAGALING SA PONDO NG "SOCIAL AMELIORATION FUND" NA MAGSISILBING TULONG PARA SA PAGPAPALIBING SA BAWAT ISANG BETERANONG SASAKABILANG BUHAY NA.

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

SAPAGKAT, ang mga beterano na nakipaglaban noong nakaraang Ikalawang Digmaang Pandaigdig ay dapat bigyan ng pagdakila at pagbubunyi ng bawat mamamayan ng Bayan ng Muntinlupa;

SAPAGKAT, ang pagdakila at pagpapahalaga sa mga beterano ng nakaraang digmaang pandaigdig ay nararapat lamang upang kilalanin ang kanilang ginawang paghahandog ng dugo't buhay para sa kalayaan ng bayan;

SAPAGKAT, ang pagtataguyod ng ating kalayaan ay nagbunga ng pagkakabuklod at pagtutulungan ng mga mamamayan ng Muntinlupa at sa harap ng katugong pagmamalasakit na ito ay katahimikan, kaayusan at kaunlaran ng ating pamayanan;

SAPAGKAT, ang pagbibigay na tulong na pananalapi sa pamilya ng beterano na babawian ng buhay ay upang ipadama ang pagmamalasakit at pagmamahal ng pamahalaang bayan sa mga taong buong dalisay at kagitingang ipinaglaban ang bayan at nahahandang magbuwis ng buhay kung kinakailangan;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan at pinagpasiyahan pang muli na maglaan ng halagang Tatlong Libong Piso (₱3,000.00) na manggagaling sa pondo ng "social amelioration fund" na magsisilbing tulong para sa pagpapalibing sa bawat isang beteranong sasakabilang buhay na.

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng lahat ng kasapi ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang pang-apatnapu't limang (45th) pangkaraniwang pulong na ginanap noong ika-30 ng Enero 1989.

ATTY. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan/Pangulong Opisyal

ATTY. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punongbayan/Pang. Pangulong Opisyal

KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

pahina 2 (Kapasiyahan Blg. 89-72) -

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

PINATOTOHANAN :

RAUL R. CORRO
Kalihim Bayan

PINAGTIBAY : Enero 30, 1989

**Amendment : 82nd reg.sessiom**